## Maging Ligtas—Hindi Tuliro!

*Maaari kayong masaktan o mamatay kung hahayaan ninyong lituhin kayo ng inyong cell phone habang kayo ay nagmamaneho.*

*Ipinapakita ng mga pinakabagong istatistika na ang tsansa na mabangga kayo ay lumalaki nang 400% habang ginagamit ninyo ang inyong cell phone.*



**Cal Phone Info**
California Public Utilities Commission
Telecommunications Education for Californians

Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyo ng telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: www.calphoneinfo.com o tumawag sa Hotline ng Consumer Affairs Branch (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng Utility Fraud (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingkurang-bayan) sa:
1(800) 649-7570

CPUC

Do Not Use Your Cell Phone While Driving - May 2012

# Maging Ligtas

# Huwag Gagamitin ang Inyong Cell Phone Habang Nagmamaneho

CALIFORNIA
PUBLIC
UTILITIES
COMMISSION





# *Ito ay mapanganib.*

- Mapanganib gumamit ng cell phone habang nagmamaneho.
- Ang pagtetext habang nagmamaneho ay nagpapabagal ng inyong reaksyon nang tulad ng pagkakaroon ng blood alcohol content o BAC (nilalamang alak na matatagpuan sa dugo) na .08.
- Ang pagtetext ay nangangahulugang hindi nakatingin ang inyong mga mata sa daan nang humigit-kumulang sa limang segundo. Sapat na ang tagal na ito para baybayin ang buong lawak ng isang football field nang 55 mph. Ang karamihan ng mga banggaan ay nangyayari nang may kulang sa 3 segundo para makakilos.

### Pagkabulag Dala ng Kakulangan ng Atensyon

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pakikipag-usap sa cell phone ay mapanganib. Ang mga taong nakikipag-usap sa cell phone ay nakakaranas ng pagkabulag dala ng kakulangan ng atensyon. Tumutukoy ito sa panahong hindi nakikita ng inyong utak kung ano ang nasa harapan ninyo dahil sa masyado kayong abala sa inyong tawag.

# *Maging Ligtas! Huwag Gagamitin ang Inyong Cell Phone Habang Nag-*

## Labag ito sa batas.

Ipinahihiwatig ng batas ng California na:

- Ang pagtetext habang nagmamaneho ay labag sa batas.
- Ang pakikipag-usap sa inyong cell phone habang nagmamaneho ay labag sa batas para sa mga taong mas bata sa 18 taong gulang. Ang mga adulto ay maaaring makipag-usap sa kanilang cell phone pero wala silang pahintulot na humawak ng cell phone habang nagmamaneho. Lahat ng tao ay maaaring gumamit ng cell phone para tumawag sa oras ng emerhensiya. Ganun pa man, mas matalinong huminto muna sa tabi sa isang lugar na ligtas.
- Ang pinakamababang multa para sa pagtetext o sa paggamit ng hinahawakang cell phone ay $159, ang mga karagdagang ticket ay humahantong sa $279.

### Mga Istatistika

Ang batas at ang programa para sa pagbibigay ng kaalaman ay nagkaroon ng bisa noong 2008. Mula noon, bumaba ang bilang ng mga aksidente; subalit masyado pa ring madami ang mga taong nasasaktan o namamatay dahil sa patuloy ang paggamit ng mga tao ng kanilang mga cell phone habang nagmamaneho.

Sa pagitan ng 2008 at 2010, may 53 taong nagmamaneho sa California na namatay habang hawak nila ang kanilang mga cell phone. Ang mga cell phone ay malamang na mahalagang bagay din sa iba pang mga kamatayang pansasakyan, dahil sa ang pangunahing dahilan ng pagmamanehong kulang sa atensyon ay ang paggamit ng cell phone.

Sa isang pag-aaral ng 5,000 mag-aaral sa kolehiyo sa California na isinagawa kamaikailan lamang, 18% sa kanila ay nagsabing nasangkot sila sa isang aksidenteng dala ng kulang na atensyon sa pagmamaneho. Sa mga ito, 22% ay dala ng pagtetext, at 14% ay dala ng pakikipag-usap sa cell phone.







**Huwag maging isang istatistika. Huwag ninyong gawing isang ala-ala nalang ang isang kapwa tao. Patayin ang inyong telepono habang nagmamaneho.**

**Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa website ng California Highway Patrol at sa California Office of Traffic Safety (Tanggapan Para sa Pansasakyan na Kaligtasan ng California). Para sa mga kwento tungkol sa mga tunay na pangyayari kaugnay sa mga cell phone at pagmamaneho, sumangguni sa http://www.distraction.gov/content/faces/index.html.**